
# Banghay-Aralin sa Filipino I

**May-Akda** **Sharon R. Gungon**
**Designation** **Master Teacher II**
**Paaralan** **New Washington Elementary School**




**I. Layunin**

1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
2. Napahahalagahan ang samahan ng magkakapatid

**II. Paksang-Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Tiktaktok at Pikpakbum"
2. ***May-akda:*** Rene Villanueva
3. ***May-guhit:*** Renato Gamos
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagmamahal sa kapatid

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang saloobin at pananaw tungkol sa mga larawang ipakikita.
Tanungin: *Mayroon ba kayong kapatid?*
*Anu-anong mga bagay ang ginagawa ng magkakapatid?*
Pagpapakita ng mga larawan ng magkakapatid at pagtatan

2. **Paghawan ng Balakid**

Sa bahaging ito, susubukan ng mga mag-aaral na malaman ang kahulugan ng mga salita gamit ang larawan, kumpas o galaw, at pangungusap na ibibigay ng guro (makatutulong rin na gamitin ang katumbas na salita sa Mother Tongue upang lubos itong maunawaan). Ilagay sa pisara ang mga sumusunod na salita: **madalas. lansangan, matadero, bulok, lason.**

Sabihin: *Pansinin ang mga salitang nasa pisara. Babasahin ko ito para sa inyo. Kung kaya ninyong basahin ang mga salita ay maaari ninyo akong sabayan sa pagbabasa.*

| | | |
|---|---|---|
| madalas | lansangan | matadero |
| bulok | lason | |

*Mahalagang malaman natin kung ano ang ibig sabihin ng mga salita sa wikang Filpino upang lubos nating maintindihan at magamit ito. Mayroon akong babasahing mga pangungusap na gamit ang mga salita sa ating listahan. Habang binabasa ko ang pangungusap, pansinin ninyo ang aking galaw, ekspresyon, o ang ibang salita sa loob ng pangungusap. Makatutulong ang mga ito sa pagtukoy kung ano ang ibig sabihin o ang kahulugan ng bawat salita. Matapos kong basahin ang bawat pangungusap, sasabihin ninyo sa akin kung ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng salita sa listahan.*



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

| Salita | Pangungusap | Kahulugan |
|---|---|---|
| 1. madalas | **Madalas** na nagbabasa ng kanyang libro si Alena. | madalas - palagiang ginagawa |
| 2. lansangan | Marami ang dumaraan na sasakyan sa **lansangan**.<br>*Maaaring magpakita ng larawan ng lansangan ang guro.* | lansangan – kalsada, daan, o kalye |
| 3. matadero | Dinala ng **matadero** ang mga karne sa palengke matapos itong mahiwa.<br>*Maaaring magpakita ng larawan ng matadero ang guro.* | matadero – taong nagkakatay ng karne ng baka o baboy at nagdadala sa palengke upang ibenta |
| 4. bulok | Ang mga prutas ay **bulok** na at hindi na maaaring kainin. | bulok - sira |
| 5. lason | Ang **lason** ay nakamamatay.<br>Maaaring magpakita ang guro ng larawan ng isang bote ng lason. Ipakita rin ang simbolo nito.<br>Maaari rin niyang tanungin ang mga sumusunod na tanong:<br>Kapag nakita mo ang boteng ito na may drowing/babala, iinumin mo ba ang laman nito? Bakit?<br>Kapag nakainom ka o nakakain ka ng pagkain na may lason, ano ang maaaring mangyari sa iyo? Ano ang dapat mong gawin? | lason- bagay na nakasasama sa kalusugan kung ito ay inumin o kainin. |

3. **Pagbasa ng Kuwento**
   Ipakita sa mga bata ang pabalat ng libro/aklat.
   *Ang pamagat ng ating kuwento ngayon ay* "Tiktaktok at Pikpakbum." *Ayon sa larawan sa pabalat, tungkol saan kaya ang kuwento? Bilangin natin ang aso sa larawan. Ang ating kuwento ay isinulat ni Rene Villanueva. Iginuhit naman ito ni Renato Gamos. Handa na ba kayong makinig?*

   Pakikinggan ng mga bata ang kuwento sa pamamagitan ng video presentation mula sa https://www.youtube.com/watch?v=m-vlxPwK_Qg.

4. **Pagkatapos Bumasa**
   **a. Pagtatalakay**
   Ang sumusunod ay itatanong habang ipinapakita ang takdang bahagi o pahina. Makatutulong ito sa pagpapalalim ng pang-unawa ng bata sa napakinggang kwento.

   1. Kung kayo ay makikipagkaibigan sa magkapatid sa kuwento, sino sa kanila ang mas gusto ninyo? Bakit?
   2. Kung mayroon kang kapatid na kagaya ni Pikpakbum, ano ang amraramdaman at gagawin mo sa kanyang inasal?
   3. Sa tingin mo, tama ba na palaging nag-aaway ang magkakapatid? Bakit?
   4. Sa inyong palagay, sino sa kanila ang masunuring anak? Sino ang hindi? Bakit?
   5. Kung ikaw si Tiktaktok, gagawin mo rin ba ang ginawa niya kay Pikpakbum? Bakit?
   6. Kung ikaw si Pikpakbum, ano ang iyong mararamdaman pagkatapos kang tulungan ni Tiktaktok? Bakit?
   7. Sakaling mayroon kang kapatid na nasa panganib, ano ang iyong gagawin?
   8. Sino sa magkapatid ang gusto ninyong tularan? Bakit? Ano ang aral na nakuha ninyo sa ating kuwento?

   **b. Pangkatang-Gawain**



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay magkakaroon ng iba't ibang gawain. Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang natapos ng gawain sa klase.

**Pangkat 1 (Drama Center):** Ano gagawin mo kung ang kapatid mo ay **maramot**? Ipakita ito sa pamamagitan ng isang dula.

**Pangkat 2 (Writing Center):** Gumawa ng babala tungkol sa sitwasyon.
*Sinabi ng iyong nanay na, "Anak, huwag ninyong kainin ang mga nahuhulog na bunga ng mangga. Bagong spray ng insecticide ito at masamang kainin ang mga bunga nito."*

Ano ang isusulat mo sa babala? Punan ang patlang.

Ang bunga ng mangga ay


__________________________________.

Dahil ito ay ________________________.

Baka ______________________________.

**Pangkat 3 (Edukasyon sa Pagpapakatao Center):** Magtala ng mga katangian ng isang mabuting kapatid.

**Pangkat 4:** Isulat ang mga katangian ninyong magkakapatid gamit ang Venn Diagram. Itala ang inyong mga pagkakatulad sa gitnang bahagi ng bilog at ang mga pagkakaiba s albas na bahagi.




## IV. Paglalapat

Magpakita ng 'thumbs up' kung nangyari sa kuwento ang nakasaad at 'thumbs down' kung hindi nangyari.

_________1. Sina Tiktaktok at Pikpakbum ay magpinsan.
_________2. Laging nag-aaway sina Tiktaktok at Pikpakbum.
_________3. Walang pinag-iba ang kanilang ugali.
_________4. Hinati nina Tiktaktok at Pikpakbum ang napulot nilang karne.
_________5. Naging magkaibigan sina Tiktaktok at Pikpakbum.

## V. Pagpapahalaga

Magbigay ng mga sitwasyon at hingin ang saloobin ng mga bata tungkol dito.

1. Nasira ng kapatid mo ang paborito mong laruan. Hindi naman niya ito sinasadya at humingi siya ng paumanhin sa iyo. Ano ang iyong sasabihin o mararamdaman?
2. Ayaw kang bigyan ng kinakain na tinapay ng kapatid mo. Ano ang iyong sasabihin o mararamdaman?

## VI. Takdang-Aralin

Idikit ang larawan ninyong magkapatid, (kung walang kapatid maaaring pinsan o kaibigan) at sumulat ng dalawang pangungusap tungkol sa inyong dalawa. Maaaring magpatulong sa magulang sa gawaing ito. Maaari ring gumuhit ng larawan ninyong dalawa.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation